TAWHEED

1

ISINALIN SA TAGALOG NI:
MOHAMMAD TAHA ALI

توحيد

[باللغة الفلبينية (تجالوج)]

ترجمة:
محمد طه علي

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

ANG KAHULUGAN NG "LAA ILAAHA ILLALLAH" AT ANG MGA KUNDISYON NITO

Laa ilaaha illallah ang susi sa pagpasok sa Paraiso, datapuwa't walang susi na hindi nagtataglay ng ngipin, at kung iyong madadala ang susi na may mga ngipin (nasa tamang sukat at hugis nito), mabubuksan ito sa iyo, at kung hindi, hindi ito mabubuksan sa iyo. Ang mga ngipin ng susing ito ang siyang mga kondisyon ng **Laa ilaaha illallah:**

Ito ay ang mga sumusunod:

1- Ang pag-unawa sa kahulugan nito na siyang nagtatakwil sa kawalan ng kaalaman:
Ito ay ang lubos na pagtatakwil sa pagiging tunay na diyos ng lahat ng sinasamba maliban pa sa Allah, at ang pagpapatotoo nito sa Allah lamang.
Ang Allah ay nagsabi:

﴿فَاعْلَمْ أَنَّهُ لا إِلَهَ إِلاّ اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنبِكَ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ وَاللَّهُ يَعْلَمُ مُتَقَلَّبَكُمْ وَمَثْوَاكُمْ﴾

{Datapuwa't iyong maalaman (O Muhammad ﷺ)! Katotothanang walang tunay na diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at ikaw ay humingi ng kapatawaran sa iyong kasalanan, at gayundin (sa mga kasalanan) ng mga sumasampalatayang lalaki at sumasampalatayang babae, sapagka't ang Allah ay nakababatid ng inyong mga galaw (sa umaga), at inyong pinagpapahingahan (sa gabi)}. Muhammad (47): 19

Ang ibig sabihin nito: Walang karapat-dapat sambahin sa mga kalangitan at kalupaan maliban sa Allah lamang.

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: (مَنْ مَاتَ وَهُوَ يَعْلَمُ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ دَخَلَ الْجَنَّةَ)

[Ang sinumang namatay habang kanyang nalalaman na walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah, siya ay makakapasok sa Paraiso]. Isinalaysay ni Muslim

2- Ang wagas na paniniwala na siyang nag-aalis ng pag-aalinlangan: Ito ay ang pagkapanatag ng kalooban dito nang walang pag-aalinlangan.
Ang Allah ay nagsabi: ﴿إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ آمَنُواْ بِاللّهِ وَرَسُولِهِ ثُمَّ لَمْ يَرْتَابُواْ﴾

{Katotohanan, ang mga mananampalataya lamang ay yaong mga naniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo, at sila ay walang pag-aalinlangan dito}. Al-Hujurat (49): 15

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi rin:

(أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَأَنِّيْ رَسُوْلُ اللهِ لَا يَلْقَى اللهَ بِهِمَا عَبْدٌ غَيْرُ شَاكٍّ، فَيُحْجَبُ عَنِ الْجَنَّةِ)

[Ako ay sumasaksi na walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah at ako ay tunay na Sugo ng Allah, hindi mangyayaring sa sandaling haharap ang isang lingkod sa Allah na walang pag-aalinlangan sa dalawang ito, siya ay hahadlangan sa Paraiso]. Isinalaysay ni Muslim

3- Ang pagtanggap sa mga kahilingan nito sa puso at dila.
Ang Allah ay nagsabi sa Quran patungkol sa mga Mushrik.

﴿إِنَّهُمْ كَانُوَاْ إِذَا قِيلَ لَهُمْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللّهُ يَسْتَكْبِرُونَ * وَيَقُولُونَ أَإِنَّا لَتَارِكُوَ آلِهَتِنَا لِشَاعِرٍ مَّجْنُونٍ﴾

{Katotohanang kapag sinasabi sa kanila ang **Laa ilaaha illallah**, sila ay labis na nagmamalaki, at kanila pang sinasabi: Ano! Iiwanan ba namin ang aming mga diyos, dahil lamang sa isang manunula na nasisiraan ng bait?}. As-Saffat (37): 35-36

Ang ibig sabihin ng sila ay labis na nagmamalaki: Sila'y nagmamalaking sabihin din ito, tulad ng pagsabi ng mga Muslim sa banal na salitang ito). Si ibn Katheer ang nag-ulat nito.

At ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

(أُمِرْتُ أَنْ أُقَاتِلَ النَّاسَ حَتّى يَقُوْلُوْا لَا إِلهَ إِلاَّ اللهُ، فَمَنْ قَالَ لَا إِلهَ إِلاَّ اللهُ فَقَدْ عَصَمَ مِنِّي مَالَهُ وَنَفْسَهُ إِلاَّ بِحَقِّ الْإِسْلَامِ، وَحِسابُهُ عَلَى اللهِ عَزَّ وَجَلَّ)

[Napag-utusan ako na makipaglaban sa sangkatauhan, hanggang sa sabihin nila ang **Laa ilaaha illallah**, sapagkat ang sinumang magsabi ng **Laa ilaaha illallah**, katotohanang ligtas sa akin ang kanyang kayamanan at ang kanyang sarili, maliban sa mga karapatan ng Islam, at ang Allah na lamang ang bahala sa pagtutuos sa kanya]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

4- Ang pagpapasailalim at pagsuko sa mga itinuturo nito:
Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَأَنِيبُوَاْ إِلَىَ رَبِّكُمْ وَأَسْلِمُواْ لَهُ﴾

{At magsibalik-loob kayo sa inyong Panginoon, at sumuko kayo sa Kanyang kalooban}. Az-Zumar (39):54

Na siyang nagtatakwil sa pagtalikod, **ang Allah ay nagsabi:** ﴿فَلاَ صَدَّقَ وَلاَ صَلَّى﴾

{Sapagkat hindi siya naniwala (sa Qur'an at kay Muhammad), at hindi siya nagdarasal!}. Al-Qiyamah (75): 31

5- Ang pagsasabi ng buong katotohanan, na nagpapawalang saysay sa kasinungalingan: Ito ay ang pagsabi ng buong katapatan sa kanyang kalooban.
Ang Allah ay nagsabi:

﴿أَحَسِبَ النَّاسُ أَنْ يُتْرَكُوا أَنْ يَقُولُوا آمَنَّا وَهُمْ لَا يُفْتَنُونَ، وَلَقَدْ فَتَنَّا الَّذِينَ مِنْ قَبْلِهِمْ فَلَيَعْلَمَنَّ اللَّهُ الَّذِينَ صَدَقُوا وَلَيَعْلَمَنَّ الْكَاذِبِينَ﴾

{Inaakala ba ng mga tao na hahayaan na lamang sila na magsasabing: Kami ay sumampalataya at sila ay hindi susubukin? Talagang sinubok na nga Namin ang mga nauna sa kanila, at talaga namang nalalaman ng Allah ang mga nagpakatapat at talaga namang nalalaman ng Allah ang mga nagsisinungaling}. Al-Ankabut (29): 2-3

At ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

(مَا مِنْ أَحَدٍ يَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَأَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُوْلُهُ صِدْقاً مِنْ قَلْبِهِ إِلَّا حَرَّمَهُ اللهُ عَلَى النَّارِ)

[Walang isang taong sumasaksi na walang ibang diyos maliban sa Allah at na si Muhammad ay Kanyang lingkod at Sugo, na tapat sa kanyang kalooban kundi ipagbabawal ng Allah sa kanya ang mapunta sa Impiyerno]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

6- Al-Ikhlas: (ang katapatan) :

Ito ay ang pagdadalisay sa mga gawain sa pamamagitan ng matuwid na layunin sa lahat ng bahid ng **Shirk**.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَمَا أُمِرُوا إِلا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ﴾

{At walang ipinag-uutos sa kanila kundi para sumamba lamang sa Allah nang buong katapatang nag-uukol sa Kanya ng pagsamba}. Al-Bayyinah (98): 5

Gayundin ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

(أَسْعَدُ النَّاسِ بِشَفَاعَتِيْ مَنْ قَالَ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ خَالِصاً مِنْ قَلْبِهِ، أَوْ نَفْسِهِ)

[Ang pinakamaligayang tao para sa aking pamamagitan ay ang sinumang magsabi ng **Laa ilaaha illallah** nang tapat sa kanyang kalooban o sarili]. Isinalaysay ni Al-Bukhari

At sinabi pa niya (ﷺ): (إِنَّ اللهَ حَرَّمَ عَلَى النَّارِ مَنْ قَالَ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ يَبْتَغِيْ بِذَلِكَ وَجْهَ اللهِ عَزَّ وَجَلَّ)

[Katotohanang ipinagkait ng Allah sa Impiyerno ang sinumang magsabi ng **Laa ilaaha illallah** na kanyang hinahangad sa pamamagitan ng pagsabi niyon ang kagalakan ng mukha ng Allah]. Isinalaysay ni Muslim

7- Ang pag-ibig sa banal na salitang ito, at sa anumang hinihiling nito at itinuturo, at sa mga alagad nito na nagsasagawa ayon sa itinuturo nito at sumusunod sa mga kundisyon nito, at ang pagkasuklam sa sumasalungat dito.

Ang Allah ay nagsabi:

﴿وَمِنَ النَّاسِ مَن يَتَّخِذُ مِن دُونِ اللهِ أَندَاداً يُحِبّونَهُمْ كَحُبِّ اللهِ وَالَّذِينَ آمَنُواْ أَشَدّ حُبّاً للهِ﴾

{At mayroon sa mga tao na gumagawa ng mga kaagaw (katambal sa pagsamba) bukod pa sa Allah. Iniibig nila ang mga ito tulad ng pag-ibig nila sa Allah, subalit ang mga sumampalataya ay higit na matindi sa pag-ibig sa Allah}. Al-Baqarah (2):165

Gayundin ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

(ثَلَاثٌ مَنْ كُنَّ فِيْهِ وَجَدَ حَلَاوَةَ الْإِيْمَانِ: أَنْ يَكُوْنَ اللَّهُ وَرَسُولُهُ أَحَبَّ إِلَيْهِ مِمَّا سِوَاهُمَا، وَأَنْ يُحِبَّ الْمَرْءَ لَا يُحِبُّهُ إِلَّا لِلَّهِ، وَأَنْ يَكْرَهَ أَنْ يَرْجِعَ فِي الْكُفْرِ بَعْدَ إِذْ أَنْقَذَهُ اللَّهُ مِنْهُ كَمَا يَكْرَهُ أَنْ يُلْقَى فِي النَّارِ).

[Tatlong bagay na kapag natagpuan ito sa isang tao, kanyang matatagpuan ang tamis ng pananampalataya. Ang maging pinakamamahal sa kanya ay ang Allah at ang Kanyang Sugo kaysa sa iba sa kanila. At ang pagmamahal sa isang tao, na kaya ito minamahal

dahil sa Allah, at kanyang kamuhian ang pagbabalik sa hindi pagsampalataya, matapos siyang iligtas ng Allah dito, tulad ng kanyang pagkamuhi na siya ay itatapon sa Apoy (Impiyerno)]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

8-Ang pagtangging sumampalataya sa mga Thagoot (ang mga sinasamba bukod sa Allah) at ang paniniwala sa Allah bilang isang tunay na Panginoon at karapat-dapat sambahin.

Ang Allah ay nagsabi:

﴿لاَ إِكْرَاهَ فِي الدّينِ قَد تّبَيّنَ الرّشْدُ مِنَ الْغَيّ فَمَنْ يَكْفُرْ بِالطّاغُوتِ وَيُؤْمِن بِاللهِ فَقَدِ اسْتَمْسَكَ بِالْعُرْوَةِ الْوُثْقَىَ لاَ انفِصَامَ لَهَا وَاللّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ﴾

{Walang pilitan sa relihiyon, sa katunayan, naging mahayag na ang katotohanan sa kamalian, kaya ang sinumang tumangging sumampalataya sa Thagoot (diyus-diyosan, naghahari-harian), at maniwala sa Allah, magkagayon tunay na kanyang napangahawakan ang matibay at banal na relihiyon na walang pagkaputol. At ang Allah ay nakaririnig (sa lahat ng pinagsasabi ninyo), nakaaalam (sa lahat ng inyong ginagawa)}. Al-Baqarah (2): 256

At ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: (مَنْ قَالَ: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَكَفَرَ بِمَا يُعْبَدُ مِنْ دُونِ اللَّهِ حُرِّمَ مَالُهُ وَدَمُهُ)

[Ang sinumang nagsabi ng **Laa ilaaha illallah** at tumangging sumampalataya sa anumang sinasamba bukod sa Allah, sa kanya ay ipinagbabawal na lapastanganin ang kanyang kayamanan at dugo]. Isinalaysay ni Muslim

ANG KAHULUGAN NG "MUHAMMAD RASOOLULLAH"

Ang paniniwala na siya ay isinugo mula sa Allah, kaya dapat nating paniwalaan ang lahat ng kanyang tinuran, at sundin natin siya sa kanyang mga ipinag-uutos, at talikuran natin ang kanyang mga ipinagbabawal, at sambahin natin ang Allah sa paraang ini-atas niya, na siya ang sagka ng mga Propeta, at tunay na ang kanyang mensahe ay para sa lahat ng tao at jinn, mahalin natin siya, igalang at suportahan.

Ang pagpapahalaga sa kautusan ng Propeta (ﷺ), sa kanyang ipinagbabawal at ang pananatili sa kanyang batas, - ang siyang wastong pahiwatig sa tunay na kahulugan ng pagsasaksing ito (Shahadah).

Ito'y bilang pagpapatupad sa kautusan ng Allah, ang Tigib ng Pagpapala at Kataas-taasan, na Siyang nagsugo sa kanya (ﷺ) sa lahat ng sangkatauhan bilang tagapaghatid ng magandang balita, tagapagbabala, tagapag-aanyaya tungo sa Allah ayon sa Kanyang pahintulot at bilang isang liwanag na tumatanglaw.

Ang tungkulin natin sa Propeta ng Allah:

1- Ang paniwalaan siya (ﷺ).

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَمَا يَنطِقُ عَنِ الْهَوَىٰ﴾

{At siya ay hindi nagsasabi ng sarili niyang kagustuhan (tungkol sa relihiyon)}. An-Najm (53): 3

2- Ang pagsunod sa kanya (ﷺ).

Ang Allah ay nagsabi: ﴿قُلْ إِن كُنتُمْ تُحِبُّونَ اللَّهَ فَاتَّبِعُونِي يُحْبِبْكُمُ اللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ﴾

{Sabihin (O Muhammad): Kung tunay ngang minamahal ninyo ang Allah, ako ay inyong sundin, ang Allah ay magmamahal sa inyo at magpapatawad sa inyong mga kasalanan}. Al-Imran (3): 31

At sinabi pa Niya: ﴿لَقَدْ كَانَ لَكُمْ فِي رَسُولِ اللَّهِ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ﴾

{Sa katunayan, ang isang mabuting huwaran para sa inyo ay nasa Sugo ng Allah}. Al-Ahzab (33):21

At sinabi pa rin Niya:

﴿قُلْ يَأَيّهَا النّاسُ إِنّي رَسُولُ اللهِ إِلَيْكُمْ جَمِيعاً الّذِي لَهُ مُلْكُ السّمَاوَاتِ وَالأَرْضِ لآ إِلَهَ إِلاّ هُوَ يُحْيِي وَيُمِيتُ، فَآمِنُواْ بِاللهِ وَرَسُولِهِ النّبِيّ الأُمّيّ الّذِي يُؤْمِنُ بِاللهِ وَكَلِمَاتِهِ وَاتّبِعُوهُ لَعَلّكُمْ تَهْتَدُونَ﴾

{Sabihin (O Muhammad ﷺ): O sangkatauhan! Katotohanang ako ay Sugo ng Allah para sa inyong lahat, na Siyang nagmamay-ari ng kaharian ng mga kalangitan at kalupaan. Walang diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Kanya. Siya ang nagkakaloob ng buhay at ang bumabawi nito, kaya maniwala kayo sa Allah at sa Kanyang Sugo, ang Propetang Ummiy (hindi marunong bumasa at sumulat), na naniniwala sa Allah at sa Kanyang mga salita (Qur'an). Kaya sumunod kayo sa kanya, upang kayo ay mapatnubayan}. Al-A`raf (7):158

3- Ang pagkatungkulin ng pagmamahal sa kanya (ﷻ).

Ang Allah ay nagsabi:

﴿قُلْ إِن كَانَ آبَاؤُكُمْ وَأَبْنَآؤُكُمْ وَإِخْوَانُكُمْ وَأَزْوَاجُكُمْ وَعَشِيرَتُكُمْ وَأَمْوَالٌ اقْتَرَفْتُمُوهَا وَتِجَارَةٌ تَخْشَوْنَ كَسَادَهَا وَمَسَاكِنُ تَرْضَوْنَهَآ أَحَبَّ إِلَيْكُمْ مِّنَ اللهِ وَرَسُولِهِ وَجِهَادٍ فِي سَبِيلِهِ فَتَرَبَّصُواْ حَتَّىَ يَأْتِيَ اللهُ بِأَمْرِهِ وَاللهُ لاَ يَهْدِي الْقَوْمَ الْفَاسِقِينَ﴾

{Sabihin (O Muhammad ﷺ): Kung ang inyong mga magulang, ang inyong mga anak, ang inyong mga kapatid, ang inyong mga asawa, ang inyong mga kamag-anakan, ang mga ari-ariang inyong nakamtan, ang kalakal na kinatatakutan ninyo ang pagkalugi nito, at ang mga tirahang kinalulugdan ninyo, ay higit na kaibig-ibig sa inyo kaysa sa Allah, sa Kanyang Sugo, sa pakikibaka sa Kanyang landas, samakatuwid, maghintay-hintay kayo hanggang sa paratingin Niya ang Kanyang pasiya. At ang Allah ay hindi nagpapatnubay sa mga taong suwail}. At-Tawbah (9): 24

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi rin: **(لَا يُؤْمِنُ أَحَدُكُمْ حَتَّى أَكُوْنَ أَحَبَّ إِلَيْهِ مِنْ وَالِدِهِ وَوَلَدِهِ وَالنَّاسِ أَجْمَعِيْنَ)**

[Hindi ganap na sumasampalataya ang sinuman sa inyo, hangga't hindi ako napamahal sa kanya ng higit pa sa kanyang magulang, sa kanyang anak, at sa lahat ng tao]. Isinalaysay ni Al-Bukhari

4- Ang pagsamba sa Allah sa paraang itinuro at itinakda niya (ﷻ).

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَمَا يَنطِقُ عَنِ الْهَوَىَ﴾

{At siya ay hindi nagsasabi ng sarili niyang kagustuhan (tungkol sa relihiyon)}. An-Najm (53): 3

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi rin: (مَنْ عَمِلَ عَمَلاً لَيْسَ عَلَيْهِ أَمْرُنَا فَهُوَ رَدٌّ)

[Ang sinumang gumawa ng isang gawain na hindi nakabatay sa aming kautusan, ito ay tatanggihan]. Isinalaysay ni Muslim

At sinabi pa ng Allah: ﴿مَنْ يُطِعِ الرّسُولَ فَقَدْ أَطَاعَ اللّهَ﴾

{Ang sinumang sumusunod sa Sugo (Muhammad), katotohanang kanyang sinunod ang Allah}. An-Nisa (4): 80

5- Ang pag-iwas sa paninira sa kanya (ﷺ).

Ang Allah ay nagsabi:

﴿وَمِنْهُمُ الَّذِينَ يُؤْذُونَ النَّبِيَّ وَيَقُولُونَ هُوَ أُذُنٌ قُلْ أُذُنُ خَيْرٍ لَّكُمْ يُؤْمِنُ بِاللهِ وَيُؤْمِنُ لِلْمُؤْمِنِينَ وَرَحْمَةٌ لِّلَّذِينَ آمَنُواْ مِنكُمْ وَالَّذِينَ يُؤْذُونَ رَسُولَ اللهِ لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ﴾

{At mayroon sa kanila na naninira sa Propeta at kanilang sinasabi: Siya ay palapakinig. Sabihin mo: Isang palapakinig sa mabuti para sa inyo, sumasampalataya siya sa Allah at naniniwala siya sa mga mananampalataya at isang habag para sa mga sumampalataya sa inyo. At yaong naninira sa Sugo ng Allah, sila ay magkakamit ng napakasakit na parusa}. At-Tawbah (9): 61

Ang tinutukoy na paninira dito ay sumasaklaw sa paninira sa kanyang marangal na pagkatao, o sa mga naiparating niya na nagmula sa Panginoon ng lahat ng nilalang, o sa kanyang Sunnah, sa kanyang mag-anak, o mga asawa na binansagang mga ina ng mga mananampalataya, o sa kanyang mga butihing kasamahan.

6- Ang pagdalangin at pagbati para sa kanya (ﷺ):

Ang Allah ay nagsabi:﴿إِنَّ اللهَ وَمَلاَئِكَتَهُ يُصَلّونَ عَلَى النَّبِيِّ يَأَيّهَا الَّذِينَ آمَنُواْ صَلّواْ عَلَيْهِ وَسَلّمُواْ تَسْلِيماً﴾

{Tunay na ang Allah ay nagpaparangal sa Propeta, at gayundin ang Kanyang mga anghel ay dumadalangin (para sa kanya). O kayong mga sumampalataya, dumalangin kayo (ng kapatawaran) para sa kanya at bumati (sa kanya) ng pagbati}. Al-Ahzab (33): 56

Si Abu Hurairah ay nag-ulat, kanyang sinabi: **Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:**

(مَنْ صَلَّى عَلَيَّ وَاحِدَةً, صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ عَشْراً)

[Ang sinumang manalangin para sa akin ng isang beses, siya ay pagpalain ng Allah ng sampung beses]. Isinalaysay ni Muslim

Pamamaraan ng pagdalangin para sa Propeta (ﷺ):

لِحَدِيْثِ كَعْبِ بْنِ عَجْرَةَ:(قُوْلُوْا اَللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيْمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيْمَ إِنَّكَ حَمِيْدٌ مَجِيْدٌ، اَللَّهُمَّ بَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيْمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيْمَ إِنَّكَ حَمِيْدٌ مَجِيْدٌ) .

Batay sa Hadith na naiulat ni Ka`ab ibn Ajrah: “Sabihin ninyo: Allaahumma salli ala Muhammad, wa ala ali Muhammad, kama sallayta ala Ibraaheem, wa ala ali Ibraheema, innaka hameedon majeed, wabarik ala Muhammad wa ala ali Muhammad, kama barakta ala Ibraheem, wa alla ali Ibraheema, innaka hameedon majeed (O Allah! Pagpalain Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak, tulad ng pagpapala Mo kay Ibrahim, at sa kanyang mag-anak, tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati. Biyayaan Mo po si Muhammad at ang kanyang mag-anak, tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahim, at sa kanyang mag-anak. Tunay po na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati)”. Isinalaysay ni Al-Bukhari

AT-TAWHEED
(Ang Kaisahan ng Diyos)

Ang Tawheed sa literal na kahulugan ay ang pagsasaisa.
Sinasabing: **Wahhidish shaia** na ang ibig sabihin: (Isaisa mo ang bagay); gawin mo itong isa at paniwalaan mong iisa ito. Ang **Tawheedullah** (pagsasaisa sa Allah o ang kaisahan ng Allah) ay sa pamamagitan ng paniniwala sa kaisahan ng Allah at pamumukod-tangi Niya sa Kanyang pagkapanginoon, sa Kanyang pagkadiyos, sa Kanyang mga pangalan at mga katangian, at paniniwala na Siya ang tunay na Panginoon, ang nagmamay-ari ng lahat at ang karapat-dapat lamang sa pagsamba .
Samakatuwid, ang Tawheed ay ang pagbubukod-tangi sa Allah sa lahat ng nauukol sa Kanya tulad ng pagsambang binibigkas o ginagawa. Ito ang saligan ng Islam, kaya't dito nagmula ang lahat ng kanyang mga patakaran, mga alituntunin, mga kautusan at mga pagbabawal.

ANG TAWHEED AY NAHAHATI SA TATLO
(Tawheed Ar-Ruboobiyyah – Tawheed Al-Uloohiyyah – Tawheed Al-Asma' Was Sifat)

TAWHEED AR-RUBOOBIYYAH
(Ang kaisahan sa Pagkapanginoon)

Ito ay ang paniniwala na ang Allah ang tanging lumikha sa sangkatauhan at ang tanging nagbibigay ng biyaya sa kanila, bumubuhay at bumabawi ng buhay nila.
O kaya sabihin natin: Ang pamumukod-tangi ng Allah sa Kanyang mga gawain. Halimbawa, ang paniniwalang Siya lamang ang Tagapaglikha at Tagatustos.
Ito ay tinatanggap ng mga sinaunang **Mushrik** (sumasamba sa mga diyus-diyosan) at ng lahat ng may inaangking relihiyon, tulad ng mga Hudyo, mga Kristiyano, mga Saibah (ginawang pangkat o sekta na nagmula sa mga Hudyo at mga Kristiyano) at ng mga Pagano. Datapuwa't walang tumatanggi sa Tawheed na ito, kundi ang mga sinaunang Dahriyyah (mga taong hindi naniniwala sa diyos).

Ang patunay sa Tawheed Ar-Ruboobiyyah
Ang dapat sabihin sa mga mangmang na hindi naniniwala sa pagkakaroon ng diyos. Sa katotohanan, hindi matatanggap ng may matinong kaisipan ang pagkakaroon ng lagda na walang lumagda, at gawa na walang gumawa o nilikha na walang lumikha.
Kabilang sa hindi mapagtatalunan ay na kapag ikaw ay nakakita ng isang karayom, tiyak mo na ito ay may tagagawa. Kaya papaano na lamang ang malaking sansinukob na ito na ikinamamangha ng isipan at ikinalilito ng pag-iisip, lumitaw kaya ito nang walang Tagapagpalitaw, at naisaayos nang walang Tagapagsaayos! Ang lahat ng nasa sansinukob, gaya ng mga bituin, mga ulap, mga kidlat, mga kulog, mga disyerto, mga karagatan, gabi at araw, mga kadiliman at mga liwanag, mga kahoy at mga bulaklak,

jinn at tao, anghel at hayop at iba pang mga uri (ng nilikha) na hindi kayang bilangin, ni walang sinumang makapagtatakda ng bilang nito, ay nagsilitaw ng walang nagpalitaw na siyang nagpaluwal mula sa kawalan?
O Allah! Hindi ito masasabi ng sinumang may kakarampot na pag-iisip o katiting na pang-unawa.

Sa madaling salita: Ang mga katibayan sa pagka-panginoon ng Allah ay hindi kayang bilangin at takdaan.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿أَمْ خُلِقُواْ مِنْ غَيْرِ شَيْءٍ أَمْ هُمُ الْخَالِقُونَ﴾

{Sila ba'y nilikha mula sa kawalaan, o sila ang mga tagapaglikha}. At-Tur (52): 35

At sinabi pa Niya: ﴿اللّهُ خَالِقُ كُلّ شَيْءٍ وَهُوَ عَلَىَ كُلّ شَيْءٍ وَكِيلٌ﴾

{Ang Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay at Siya ang Tagapangasiwa sa bawat bagay}. Az-Zumar (39):62

Ang patunay naman nito sa pangkaisipang katibayan:
Sa isang kuwento tungkol kay Abu Hanifah (Nawa ay kahabagan siya ng Allah) ay naisalaysay na may isang pangkat ng mga pilosopo na nagnais na makipagtalakayan sa kanya hinggil sa Tawheed Ar-Ruboobiyyah, kaya nagsabi siya sa kanila, Sabihin nga ninyo sa akin, bago tayo mag-usap tungkol sa paksang ito, ang tungkol sa isang barko sa ilog Tigrin (sa Iraq), ito ay naglalayag at kusang napupuno ng pagkain, karga at iba pa, kusang bumabalik, dumadaong, nagdidiskarga at naglalayag ulit. Ang lahat na ito ay nangyayari nang walang isa mang nangangasiwa sa barko na ito. Ang mga pilosopo ay nagsabi: Imposible ito! Hindi ito mangyayari kailanman! Siya ay nagsabi sa kanila: Kung ito ay imposible sa isang barko, papaano na lamang sa buong sansinukob na ito, magmula sa itaas at ibaba nito?!! (Ang kuwentong ito ay naisalaysay din ng iba bukod kay Abu Hanifah).

Ang patunay sa pagtanggap at paniniwala ng mga Mushrik sa Tawheed Ar-Ruboobiyyah:

Sinabi ng Allah: ﴿وَلَئِن سَأَلْتَهُمْ مّنْ خَلَقَ السّمَاوَاتِ وَالأَرْضَ لَيَقُولُنّ اللّهُ قُلِ الْحَمْدُ لِلّهِ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لاَ يَعْلَمُونَ﴾

{At kung sila ay iyong tinanong (O Muhammad): Kung sino ang lumikha sa mga kalangitan at kalupaan, katiyakang kanilang sasabihin: Ang Allah. (Magkagayon) sabihin mo: Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah (lamang). Datapuwa't, ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaalam}. Luqman (31): 25

At sinabi pa Niya:
﴿قُلْ مَن يَرْزُقُكُم مّنَ السّمَآءِ وَالأَرْضِ أَمّن يَمْلِكُ السّمْعَ والأبْصَارَ وَمَن يُخْرِجُ الْحَيّ مِنَ الْمَيّتِ وَيُخْرِجُ الْمَيّتَ مِنَ الْحَيّ وَمَن يُدَبّرُ الأَمْرَ فَسَيَقُولُونَ اللّهُ فَقُلْ أَفَلاَ تَتّقُونَ * فَذَلِكُمُ اللّهُ رَبّكُمُ الْحَقّ فَمَاذَا بَعْدَ الْحَقّ إِلاّ الضّلاَلُ فَأَنّىَ تُصْرَفُونَ﴾

{Sabihin mo (O Muhammad): Sino ang tumutustos sa inyo mula sa kalangitan at kalupaan, o sino ang nagmamay-ari sa pandinig at mga paningin? At sino ang nagpapaluwal sa buhay mula sa patay at nagpapaluwal sa patay mula sa buhay? At Sino ang nangangasiwa sa lahat ng bagay? Katiyakang sila ay magsasabi: Ang Allah. Magkagayon, sabihin mo (sa kanila): Hindi ba kayo natatakot? Gayon ang Allah, ang totoong Panginoon ninyo, samakatuwid ano pa ang susunod sa Katotohanan kundi ang pagkaligaw, kaya papaano pa kayong nalilihis?}. Yunus (10): 31-32

At sinabi pa Niya: ﴿وَلَئِن سَأَلْتَهُمْ مَّنْ خَلَقَ السَّمَاوَاتِ وَالأَرْضَ لَيَقُولُنَّ خَلَقَهُنَّ الْعَزِيزُ الْعَلِيمُ﴾

{At talaga ngang kung tinanong mo sila: Kung sino ang lumikha sa mga kalangitan at kalupaan. Katiyakang kanilang sasabihin: Nilikha ang mga ito ng Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam}. Az-Zukhruf (43): 9

Paalaala:

Ang Tawheed Ar-Ruboobiyyah ay hindi nagpapapasok sa tao sa relihiyong Islam, maliban kung kasama nito ang Tawheed Al-Uloohiyyah.

TAWHEED AL-ULOOHIYYAH
(Ang kaisahan ng Allah sa pagka-Diyos)

Tinatawag din itong Tawheed Al-Ibaadah (kaisahan sa pagsamba): Ito ay ang pagbubukod-tangi sa Allah sa pagsamba, sapagkat Siya ang karapat-dapat lamang na sambahin, hindi ang iba sa Kanya, maging gaano man katayog ang antas ng iba bukod sa Kanya at gaano man kataas ang kalagayan nito.
Ito ang Tawheed na siyang naiparating ng mga Sugo sa kani-kanilang mga mamamayan (Kahabagan nawa silang lahat ng Allah), sila ay dumating na dala ang patotoo sa Tawheed Ar-Ruboobiyyah na siyang dati nang pinaniniwalaan ng kanilang mga mamamayan, kaya nag-anyaya sila sa kanila sa Tawheed Al-Uloohiyyah, gaya ng tinuran ng Allah hinggil sa kanila sa Kanyang maluwalhating Aklat.

Ang Allah ay nagsabi tungkol kay Nuh:

﴿وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا نُوحاً إِلَىَ قَوْمِهِ إِنِّي لَكُمْ نَذِيرٌ مّبِينٌ، أَن لاّ تَعْبُدُواْ إِلاّ اللّهَ إِنِّيَ أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ أَلِيمٍ﴾

{At katotohanang isinugo Namin si Nuh (Noah) sa kanyang pamayanan (at siya ay nagsabi): Katotohanang ako ay isang maliwanag na tagapagbabala sa inyo, na huwag sumamba maliban sa Allah; katotohanang aking ikinatatakot sa inyo ang kaparusahan ng kasakit-sakit na araw}. Hud (11): 25-26

Ang Allah ay nagsabi tungkol kay Musa habang nakikipagtalo ito kay Fir`aun (Paraon): ﴿قَالَ فِرْعَوْنُ وَمَا رَبُّ الْعَالَمِينَ، قَالَ رَبُّ السَّمَاوَاتِ وَالأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا إِن كُنتُم مُّوقِنِينَ﴾

{Sinabi ni Fir`aun (Paraon): At sino ang panginoon ng lahat ng mga nilalang?. Siya (si Moises) ay nagsabi: Ang Panginoon ng mga kalangitan at kalupaan at ng lahat ng nasa pagitan nito, kung kayo ay marapat na maniwala nang may katiyakan}. Ash-Shu`ara' (26): 23-24

At Siya ay nagsabi rin tungkol kay Isa: ﴿إِنّ اللّهَ رَبّي وَرَبّكُمْ فَاعْبُدُوهُ هَـَذَا صِرَاطٌ مّسْتَقِيمٌ﴾

{Katotohanang ang Allah ang aking Panginoon at inyong Panginoon, kaya sambahin ninyo Siya, (sapagkat) ito ang matuwid na landas}. Al-Imran (3): 51

Bagkus, inutusan ng Allah ang kanyang Propeta (ﷺ) na sabihin niya sa mga angkan ng kasulatan:

﴿قُلْ يَأَهْلَ الْكِتَابِ تَعَالَوْاْ إِلَىَ كَلَمَةٍ سَوَآءٍ بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمْ أَلاّ نَعْبُدَ إِلاّ اللّهَ وَلاَ نُشْرِكَ بِهِ شَيْئاً وَلاَ يَتّخِذَ بَعْضُنَا بَعْضاً أَرْبَاباً مّن دُونِ اللّهِ﴾

{Sabihin mo (O Muhammad): O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano): Halina kayo sa isang salita na sadyang makatarungan sa pagitan namin at sa inyo, na huwag tayong sumamba maliban sa Allah, at huwag tayong magtambal sa pagsamba sa Kanya ng anupaman, at huwag nating ituring ang iba sa atin bilang mga panginoon (na sinasamba) bukod sa Allah}. Al-Imran (3): 64

At nagsabi rin ang Allah bilang panawagan sa lahat ng sangkatauhan:

﴿يَاأَيّهَا النّاسُ اعْبُدُواْ رَبّكُمُ الّذِي خَلَقَكُمْ وَالّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلّكُمْ تَتّقُونَ﴾

{O sangkatauhan! Sambahin ninyo ang inyong Panginoon na Siyang lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo, nang harinawa'y mangilag kayong magkasala}. Al-Baqarah (2): 21

Sa madaling salita: Ang lahat ng Sugo ay sinugo para mag-anyaya sa kaisahan ng diyos at iwasan ang pagsamba sa mga diyus-diyosan at mga rebulto.

Gaya ng sinabi ng Allah: ﴿وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلّ أُمَّةٍ رَّسُولاً أَنِ اعْبُدُواْ اللّهَ وَاجْتَنِبُواْ الطَّاغُوتَ﴾

{At talaga ngang nagpadala Kami sa bawat pamayanan ng isang Sugo (na nangangaral na): Sambahin ninyo ang Allah at iwaksi ninyo ang mga diyus-diyosan}. An-Nahl (16): 36

Iyong narinig ang paanyaya ng bawat Sugo sa kani-kanilang pamayanan, at ang unang kumatok sa mga pandinig ng kanilang mga mamamayan ay ito:

﴿قَالَ يَاقَوْمِ اعْبُدُواْ اللّهَ مَا لَكُمْ مّنْ إِلَهٍ غَيْرُهُ﴾

{Sinabi niya (ang Propeta): O aking mamamayan! Sambahin ninyo ang Allah; sapagkat wala kayong ibang diyos bukod pa sa Kanya}. Al-A`raf (7): 65

ANG PAGPAPAKAHULUGAN SA IBAADAH

Ang Ibaadah sa literal na kahulugan ay ang pagpapakaaba at pagpapakumbaba.
At sa teknikal na kahulugan, tulad ng sinabi ni Shaikul Islam: Ang pagtalima sa Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa anumang ipinag-utos ng Niya, batay sa sinabi ng mga Sugo.
At sinabi niya rin na: Ang Ibaadah ay isang katagang sumasaklaw sa lahat ng naiibigan ng Allah at kinalulugdan Niya na mga gawain at mga salita, maging panlabas at panloob.
Kaya tungkulin ng isang Muslim na kanyang ibukod-tangi ang kanyang Panginoon sa lahat ng uri ng pagsamba, matapat na iukol ang mga ito sa Allah lamang, at na isagawa ang mga ito sa paraang itinagubilin ng Sugo ng Allah, sa salita man o sa gawa.
Kabilang din sa Ibaadah: Ang pag-iwas sa lahat ng kinapopootan ng Allah sa mga sa salita at gawa, maging panlabas o panloob.

Nasasaklawan din ng Ibaadah ang mga sumusunod na uri ng pagsamba.
Dapat mo ring malaman na ang pagsamba ay sumasaklaw sa lahat ng uri ng pagsamba, tulad ng Salah, Tawaf, Hajj, pag-aayuno, pamamanata, pamamalagi sa Masjid, pagkatay ng hayop, pagpapatirapa, pag-yukod, pangamba, pangingilabot, pagkagusto, pagkatakot, pananalig, paghingi ng saklolo, pag-asa at iba pang mga uri ng pagsamba na ini-atas ng Allah sa Kanyang maluwalhating Quran, o ini-atas ng Sugo ng Allah sa mapapanaligang Sunnah, maging ito ay sa salita o sa gawa. Ang sinumang magbaling ng isa man sa mga ito sa iba pa sa Allah ay magiging **Mushrik** (mapagtambal).

Sapagka't sinabi ng Allah:

﴿وَمَن يَدْعُ مَعَ اللهِ إِلَهًا آخَرَ لاَ بُرْهَانَ لَهُ بِهِ فَإِنَّمَا حِسَابُهُ عِندَ رَبِّهِ إِنَّهُ لاَ يُفْلِحُ الْكَافِرُون﴾

{At ang sinumang manalangin sa iba pang diyos bilang katambal ng Allah, na wala naman siyang pinagbabatayan dito, ang pagtutuos para sa kanya ay nasa kanyang Panginoon lamang. Tunay na hindi magtatagumpay ang mga nagtatakwil ng pananampalataya}. Al-Mu'minun (23): 117

At sinabi pa Niya: ﴿وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلّهِ فَلاَ تَدْعُواْ مَعَ اللهِ أَحَدا﴾

{At tunay na ang mga Masjid (bahay dasalan) ay para sa Allah (lamang). Kaya't huwag kayong manalangin sa kaninuman bilang katuwang ng Allah}. Al-Jinn (72): 18

Ang salitang (kaninuman) ay sumasaklaw sa lahat ng nilalang, maging ito man ay sugo, anghel, o banal at mabuting tao.

Ang dahilan ng pagsimula ng Shirk ay ang pagmamalabis (sa pagdakila) sa mga Salih (mabubuting tao)

Simula rito mapag-aalaman natin na ang paggawa ng Shirk ay naganap sa mga anak ni Adam, dahil sa pagmamalabis (sa pagdakila) sa mga Salih (mga mababuti at matuwid na tao).
Ang ibig sabihin ng pagmamalabis sa pagdakila ay ang umaapaw at sumusobra na pagdakila, sa salita at sa paniniwala.

Dahil dito, ang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an :
﴿يَأَهْلَ الْكِتَابِ لاَ تَغْلُواْ فِي دِينِكُمْ وَلاَ تَقُولُواْ عَلَى اللهِ إِلاّ الْحَقّ إِنّمَا الْمَسِيحُ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ رَسُولُ اللهِ وَكَلِمَتُهُ أَلْقَاهَا إِلَىَ مَرْيَمَ وَرُوحٌ مّنْهُ﴾

{O mga Angkan ng Kasulatan! Huwag kayong magmalabis sa inyong relihiyon at huwag kayong magsabi tungkol sa Allah maliban sa katotohanan. Si Mesias Isa (Hesus) na anak ni Maryam (Maria) ay isang Sugo ng Allah lamang, at Kanyang Salita [Kun (mangyari)] na ipinasa Niya kay Maryam, at isang espirito mula sa Kanya}. An-Nisa (4): 171

Sa katunayan naithala sa isang Hadith:
عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللهُ عَنْهَا، «عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَتْ: لَمَّا نَزَلَ (١) بِرَسُوْلِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ طَفِقَ يَطْرَحُ خَمِيصَةً لَهُ عَلَى وَجْهِهِ فَإِذَا اغْتَمَّ بِهَا كَشَفَهَا، فَقَالَ– وَهُوَ كَذَلِكَ: (لَعْنَةُ اللهِ عَلَى الْيَهُوْدِ وَالنَّصَارَى اِتَّخَذُوْا قُبُوْرَ أَنْبِيَائِهِمْ مَسَاجِداً). يُحَذِّرُ مَا صَنَعُوْا وَلَوْلَا ذَلِكَ أُبْرِزَ قَبْرُهُ، غَيْرَ أَنَّهُ خَشِيَ أَنْ يَتَّخِذَ مَسْجِداً».
Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat tungkol sa Propeta (ﷺ). "Nang pumanaog (ang anghel ng kamatayan) sa Sugo ng Allah, nagsimula siyang nagtatakip sa kanyang mukha ng isang damit, at kapag siya'y halos nawawalan ng ulirat dahil dito, inaalis niya ito at nagsasabi (sa gayong kalagayan): [Ang sumpa ng Allah ay mapasa mga Hudyo at Kristiyano, sapagkat ginawa nilang mga Masjid ang mga puntod ng kanilang mga Propeta]. Siya'y nagbabalala laban sa kanilang mga pinaggagawa, na kung hindi dahil doon, marahil ay pinatanyag at inayos ng husto ang kanyang puntod, subalit siya ay natatakot na baka gawing mistulang Masjid ang kanyang puntod". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

Subali't nangyari rin sa ilan sa kanila ang pagmamalabis (sa pagdakila sa Sugo) sa pamamagitan ng tula at prosa, na halos hindi na mabilang sa dami, hanggang sa ipinahintulot na nila ang pagpapasaklolo sa Sugo (ﷺ), gayundin sa lahat ng mga matutuwid na tao, sa bawat suliraning (na dapat sana'y) sa Allah lamang magpapasaklolo. Ipinagpalagay nilang siya ay nagtataglay ng kaalaman hinggil sa **Ghayb** (nakalingid sa paningin at kaalaman ng tao), hanggang sa nagsabi pa nga ang ilan sa mga mapagmalabis: Hindi iniwan ng Sugo (ﷺ) ang mundong ito hanggang hindi

---

١ نزل : أي نزل به ملك الموت

niya nalaman ang anumang nangyari at mangyayari pa. Samakatuwid, sinalungat nila ang malinaw na talata ng banal na Qur'an:

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَعِندَهُ مَفَاتِحُ الْغَيْبِ لاَ يَعْلَمُهَآ إِلاَّهُو﴾

{At nasa Kanya (Allah) ang mga susi ng **Ghayb** (nakalingid na bagay); walang nakaaalam nito kundi Siya lamang}. Al-An`am (6): 59

At sinabi pa Niya:

﴿إِنّ اللّهَ عِندَهُ عِلْمُ السّاعَةِ وَيُنَزّلُ الْغَيْثَ وَيَعْلَمُ مَا فِي الأَرْحَامِ وَمَا تَدْرِي نَفْسٌ مّاذَا تَكْسِبُ غَداً وَمَا تَدْرِي نَفْسٌ بِأَيّ أَرْضٍ تَمُوتُ إِنّ اللّهَ عَلَيمٌ خَبِيرٌ﴾

{Tunay na ang Allah ay nagtataglay ng kaalaman hinggil sa Oras, nagpapababa ng ulan, at nakakaalam sa anumang nasa mga sinapupunan. Hindi batid ng isang kaluluwa kung ano ang kakamitin niya sa kinabukasan at hindi rin batid ng isang kaluluwa kung sa aling lupain siya mamamatay. Tunay na ang Allah ay Maalam, Nakababatid}. Luqman (31): 34

Ang Allah ay nagpahayag din tungkol sa Kanyang Sugo (ﷺ):

﴿وَلَوْ كُنتُ أَعْلَمُ الْغَيْبَ لاَسْتَكْثَرْتُ مِنَ الْخَيْرِ وَمَا مَسّنِيَ السّوءَ﴾

{(Sabihin mo O Muhammad): At kung nalalaman ko lamang ang **Ghayb** (nakalingid na bagay), sana'y marami na akong natamo na mabuti, at hindi na ako dinapuan ng nakasasama}. Al-A`raf (7): 188

Sinabi pa Niya: ﴿قُل لاّ يَعْلَمُ مَن فِي السّمَاواتِ والأَرْضِ الْغَيْبَ إِلاّ اللّهُ﴾

{Sabihin mo (O Muhammad): Walang sinumang nasa mga kalangitan at kalupaan ang nakakaalam ng **Ghayb** (nakalingid na bagay), maliban sa Allah lamang}. An-Naml (27): 65

ANG KAISAHAN SA MGA PANGALAN AT MGA KATANGIAN

Ang kaisahan sa mga pangalan at katangian ay ang pagbubukod-tangi sa Allah lamang sa Kanyang mga Pangalan at Katangian.
At iyon ay sa pamamagitan ng pagkilala sa mga pangalan at katangian na kinilala ng Allah para sa Kanyang Sarili na nakasaad sa Kanyang Aklat o nabanggit ng Kanyang Sugo, nang walang **Tahrif** (pagpapalit ng kahulugan), walang **Ta`teel** (pag-aalis ng kahulugan), walang **Takyeef** (paglalarawan ng kahulugan) at walang **Tamtheel** (paghahalintulad).

Ang susunod ay ang pagbanggit sa mga batayan ng pagpapatunay sa kaisahan ng mga Pangalan at mga Katangian:

1- Ang mga Pangalan ng Allah ay kaganda-gandahan at ang Kanyang mga Katangian ay kataas-taasan, at ganap.

Sinabi ng Allah: ﴿وَلِلّهِ الْمَثَلُ الأَعْلَى﴾

{Taglay ng Allah ang pinakamataas na katangian}. An-Nahl (16): 60

At sinabi pa Niya: ﴿وَلِلّهِ الأَسْمَآءُ الْحُسْنَى فَادْعُوهُ بِهَا﴾

{Taglay ng Allah ang mga pinakamagandang pangalan, kaya manawagan kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito}. Al-A`raf (7): 180

2- Ang mga Pangalan ng Allah at ang Kanyang mga Katangian ay Tawqeefiyyah.
Ang ibig sabihin nito: ang pinagsasanggunian sa mga ito ay tangi sa Qur'an at sa Sunnah lamang, at ang mga ito ay hindi nalilimitahan ng takdang bilang, bagkus iilan lamang sa mga ito ang napag-alaman.

Sinabi ng Allah:
﴿قُلْ إِنَّمَا حَرَّمَ رَبِّيَ الْفَوَاحِشَ مَا ظَهَرَ مِنْهَا وَمَا بَطَنَ وَالإِثْمَ وَالْبَغْيَ بِغَيْرِ الْحَقِّ وَأَن تُشْرِكُواْ بِاللّهِ مَا لَمْ يُنَزِّلْ بِهِ سُلْطَاناً وَأَن تَقُولُواْ عَلَى اللّهِ مَا لاَ تَعْلَمُونَ﴾

{Sabihin mo (O Muhammad): Ang tanging ipinagbawal ng aking Panginoon ay ang mga mahahalay na gawa, sa anumang nakalitaw sa mga ito at nakatago, ang (lahat ng uri ng) kasalanan, at ang labis na paglabag sa katarungan nang walang katuwiran, at ang pagtatakda ninyo ng katambal sa Allah na hindi naman Niya ito binabaan ng anumang katibayan, at ang magsabi kayo laban sa Allah ng anumang hindi ninyo nalalaman}. Al-A`raf (7): 33

Sinabi pa Niya: ﴿وَلاَ تَقْفُ مَا لَيْسَ لَكَ بِهِ عِلْمٌ إِنّ السّمْعَ وَالْبَصَرَ وَالْفُؤَادَ كُلّ أُولئِكَ كَانَ عَنْهُ مَسْؤُولاً﴾

{At huwag ka sumunod sa anumang wala kang kaalaman hinggil doon. Katotohanan, ang pandinig, paningin, at puso, ang bawat isa sa mga iyon ay pananagutan}. Al-Isra' (17): 36

At sa isang Hadith:

«اللَّهُمَّ إِنِّي عَبْدُكَ، ابْنُ عَبْدِكَ، ابْنُ أَمَتِكَ، نَاصِيَتِي بِيَدِكَ، مَاضٍ فِيَّ حُكْمُكَ، عَدْلٌ فِيَّ قَضَاؤُكَ، أَسْأَلُكَ بِكُلِّ اسْمٍ هُوَ لَكَ، سَمَّيْتَ بِهِ نَفْسَكَ، أَوْ أَنْزَلْتَهُ فِي كِتَابِكَ، أَوْ عَلَّمْتَهُ أَحَداً مِنْ خَلْقِكَ، أَوِ اسْتَأْثَرْتَ بِهِ فِي عِلْمِ الْغَيْبِ عِنْدَكَ، أَنْ تَجْعَلَ الْقُرْآنَ رَبِيْعَ قَلْبِيْ، وَنُوْرَ صَدْرِيْ، وَجَلَاءَ حُزْنِيْ، وَذَهَابَ هَمِّيْ».

"O Allah! Ako ay Iyong alipin, anak ng Iyong lalaking alipin, anak ng Iyong (babaing) alipin. Ang aking Nasiyah[1] ay sa Iyong mga kamay. Ang Iyong mga ipinag-uutos sa akin ay dapat maisagawa ng walang hanggan at ang Iyong kaatasan sa Akin ay makatarungan. Hinihiling ko sa Iyo at sa bawat Pangalan Mo na Iyong ipinangalan sa Iyong sarili o ipinahayag sa Iyong Aklat o itinuro sa sinuman sa Iyong mga nilikha, o Iyong pinanatili sa mga lingid na kaalamang Nasasaiyo, na Iyong ginawa ang Qur'an bilang siyang buhay ng aking puso at ilaw ng aking dibdib, at tagapaglayo ng aking mga kapighatian at tagapag-alis ng aking mga pangamba". Isinalaysay ni Ibnu Hibban

3- Hindi ipinahihintulot ang paghahalintulad o ang paggawa ng talinghaga sa mga katangian ng Allah:

Batay sa sinabi ng Allah: ﴿لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ البَصِيرُ﴾

{Walang anumang katulad sa Kanya. At Siya ang Nakaririnig, ang Nakamamasid}. Ash-Shu`ara (26): 11

At sinabi pa Niya: ﴿فَلاَ تَضْرِبُواْ لِلّهِ الأَمْثَالَ إِنّ اللّهَ يَعْلَمُ وَأَنْتُمْ لاَ تَعْلَمُون﴾

{Kaya huwag ninyo gawan ang Allah ng mga kahalintulad. Tunay na ang Allah ay nakaaalam, at kayo ay hindi nakakaalam}. An-Nahl (16): 74

At gayon din, hindi puwedeng ikaila ang isang pangalan o isang katangian ng Allah, na nabanggit sa Qur'an o sa Sunnah, dahil ito ay pagtatakda din ng katambal sa Allah. Gayundin, ang pag-aalis ng kahulugan sa Kanyang mga pangalan at mga katangian ay humihiling ng pagpapalit ng kahulugan ng mga talata (ng Qur'an o Hadith),o ng pagpapasinungaling sa mga ito, kalakip ng pagpaparatang ng kakulangan sa panig ng Allah at paghahalintulad sa Kanya sa mga nilikhang sadyang may kakulangan.

[1] . Nasiyah (Forelock) ito ang likuran ng noo at pinaniniwalaan na ito ang pook ng pag-iisip sa ulo ng tao.

4- Ang kahulugan ng mga pangalan ng Allah at ng Kanyang mga katangian ay napag-aalaman, datapuwat kung paano isalarawan ito ay hindi napag-aalaman, walang nakakaalam sa mga ito kundi ang Allah lamang.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَلاَ يُحِيطُونَ بِهِ عِلْماً﴾

{At hindi nila matatalos ng kaalaman ang tungkol dito}. Taha (20): 110

5- Hindi naman kanais-nais na ang pagkaka-isa ng dalawang pangalan ay siyang pagkaka-isa ng dalawang pinangalanan , dahil ang Allah ay nagpangalan sa Kanyang sarili ng mga pangalang ipinangalan din sa iba sa Kanyang nilikha at inilarawan Niya ang Kanyang sarili sa mga katangiang ipinanlarawan din sa iba sa Kanyang nilikha, gaya halimbawa ng katangiang [Pagdinig] at [Pagkakita]. Samakatuwid ang Tagapaglikhang Nakakarinig ay hindi katulad ng nilikhang nakakarinig, at ang Tagapaglikhang Nakakamasid ay hindi katulad ng nilikhang nakakamasid.

ANG MGA NAKAKASIRA SA PAGKA-MUSLIM

Katotohanan, ang pinakalubhang mapanganib at pinakamadalas maganap sa mga nakakasira sa pagka-muslim ay natutuon sa sampung bagay:

1- Ang pagtatakda ng katambal sa pagsamba sa Allah.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿إِنَّ اللّهَ لاَ يَغْفِرُ أَن يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَن يَشَآءُ﴾

{Katotohanang hindi patatawarin ng Allah ang kasalanang bigyan Siya ng katambal, ngunit Kanyang patatawarin ang anumang (kasalanang) bukod dito, sa kaninumang loobin Niya}. An-Nisa' (4): 116

At sinabi pa Niya: ﴿إِنَّهُ مَن يُشْرِكْ بِاللّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللّهُ عَلَيهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ﴾

{Tunay na ang sinumang nagtatambal sa Allah ay ipinagkait na ng Allah sa kanya ang Paraiso at ang magiging hantungan niya ay ang Apoy (Impiyerno). At ang mga mapaggawa ng kamalian ay hindi magkakaroon ng anumang mga tagatulong}. Al-Ma`idah (5): 72

At bahagi din ng **Shirk** (pagtatambal) ang paghiling sa mga patay, paghingi ng tulong sa kanila, pamamanata sa kanila, at pag-aalay ng hayop para sa kanila.

2- Ang sinumang gumawa ng mga tagapamagitan, na silang mamagitan sa kanya at sa Allah, at kanyang hihilingan ang mga ito, at kanyang inaasam-asam na sa kanila ay mamamagitan, at sa kanila siya ay nakikipagsapalaran.
Sa katunayan, siya ay isang **Kafir** na (tumiwalag sa pananampalataya), ito'y napagkaisahan ng mga Pantas ng mga Muslim.

3- Ang sinumang hindi pinatutunayan ang kawalang pananampalataya ng mga Mushrik, o nag-aalinlangan sa di-pagsampalataya nila, o pinatutunayan ang kanilang mga doktrina, ay nagiging Kafir na.

4- Ang sinumang naniniwala na ang patnubay ng iba ay higit na ganap kaysa sa patnubay ng Sugo (ﷺ), o ang hatol ng iba pa sa kanya ay higit na magaling kaysa sa hatol niya (ﷺ), katulad ng mga yaong mas higit na naiibigan ang hatol ng mga Thagoot (mga naghahari-harian, mga pinunong lumalabag sa batas ng Allah atbp.) kaysa sa hatol niya (ﷺ), siya ay nagiging Kafir na.

5- Ang sinumang nasuklam sa anuman sa mga naihatid ng Sugo (ﷺ), kahit pa ito'y kanyang ginagampanan, ay nagiging Kafir na.

Batay sa sinabi ng Allah sa banal na Qur'an: ﴿ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ كَرِهُواْ مَآ أَنزَلَ اللّهُ فَأَحْبَطَ أَعْمَالَهُمْ﴾

{Iyon ay dahil sa tunay na kanilang kinamuhian ang anumang ibinaba ng Allah, kaya pinawalan Niya ng saysay ang kanilang mga gawa}. Muhammad (47): 9

Katulad ng kalagayan ng mga taong Munafiq (mapangkunwari).

6- Ang sinumang nangutya sa anumang bagay sa relihiyon ng Sugo (ﷺ), o sa paggawad niya ng gantimpala, o sa pagpataw niya ng kaparusahan, ay nagiging Kafir na.

Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah:

﴿قُلْ أَبِاللهِ وَآيَاتِهِ وَرَسُولِهِ كُنتُمْ تَسْتَهْزِءُونَ، لاَ تَعْتَذِرُواْ قَدْ كَفَرْتُمْ بَعْدَ إِيمَانِكُمْ﴾

{Sabihin mo (O Muhammad): Kayo baga ay nangungutya sa Allah, sa Kanyang mga tanda at sa Kanyang Sugo? Huwag na kayong mangatuwiran. Katotohanang kayo ngayon ay tumiwalag na sa pananampalataya, pagkatapos ninyong sumampalataya}.At-Tawbah (9):65-66

7- Ang karunungang itim (salamangka), kabilang na rin dito ang panggagaway at panggagayuma. Kaya ang sinumang gumawa nito, o malugod dito, siya ay naging Kafir na.

Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah:

﴿وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنْ أَحَدٍ حَتَّىَ يَقُولاَ إِنَّمَا نَحْنُ فِتْنَةٌ فَلاَ تَكْفُرْ﴾

{Datapuwat hindi nagtuturo ang dalawang (anghel na ito) sa kaninuman hangga't hindi nila nasasabi; Tanging kami ay isang pagsubok lamang, kaya huwag kayo tumalikod sa pananampalataya}. Al-Baqarah (2): 102

8- Ang pagpanig sa mga Mushrik (mapagtambal sa Allah) at ang pagtulong sa kanila laban sa mga Muslim.

Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah:

﴿وَمَن يَتَوَلَّهُمْ مِّنكُمْ فَإِنَّهُ مِنْهُمْ إِنَّ اللّهَ لاَ يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ﴾

{At sinuman sa inyo ang magtalaga sa kanila bilang **Auliya** (katulong, tagapangasiwa atbp.), tunay na siya ay mapabibilang sa kanila. Katotohanang ang Allah ay hindi nagpapatnubay sa mga taong mapaggawa ng kamalian}. Al-Ma`idah (5): 51

9- Ang sinumang maniwala na may mga piling tao, na maaring lumabas sa batas ni Propeta Muhammad (ﷺ), ay naging Kafir na.

Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah:

﴿وَمَن يَبْتَغِ غَيْرَ الإِسْلاَمِ دِيناً فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الآخِرَةِ مِنَ الْخَاسِرِي﴾

{At ang sinumang maghangad ng iba pang relihiyon bukod sa Islam. Kailanman ay hindi iyon matatanggap sa kanya, at siya sa kabilang buhay ay mapabibilang sa mga talunan}. Al-Imran (3): 85

10- Ang pagtanggi sa relihiyon ng Allah, hindi niya ito pinag-aaralan, at hindi rin niya ito isinasagawa.

Ang patunay nito ay ang sinabi ng Allah:

﴿وَمَنْ أَظْلَمُ مِمّن ذُكِّرَ بِآيَاتِ رَبِّهِ ثُمَّ أَعْرَضَ عَنْهَآ إِنّا مِنَ الْمُجْرِمِينَ مُنتَقِمُونَ﴾

{At sino pa ang higit na lumalabag sa katarungan kaysa sa kanya na pinaalalahanan tungkol sa mga tanda ng kanyang Panginoon, at pagkatapos ay tinanggihan pa niya ang mga ito. Tunay na Kami ang maghihiganti sa mga salarin at mapaggawa ng masama}. As-Sajdah (32): 22

Ang lahat ng nakakasirang ito ay walang pagkakaiba maging sa taong nagbibiro, seryoso, at natatakot, maliban sa taong pinilit.

Batay sa sinabi ng Allah: ﴿إِلاَّ مَنْ أُكْرِهَ وَقَلْبُهُ مُطْمَئِنٌّ بِالإِيمَانِ﴾

{Maliban sa sinumang pinilit, habang ang kanyang puso ay panatag sa pananampalataya}. An-Nahl (16): 106

Ang lahat ng ito ay lubhang mapanganib at madalas mangyari. Kaya dapat lamang sa isang Muslim na kanyang pangilagan ang mga ito, at katakutan sa kanyang sarili, sadyang napakaraming mga Munafiq ang mayroong ganitong paniniwala, at kahit man sila'y makaliligtas sa kaparusahan sa mundo dahil sa kanilang pagpapanggap bilang mga kaanib ng Islam, sila'y maluluklok din sa kabilang buhay sa pinakamalalim na lugar sa Apoy ng Impiyerno.

Tayo'y magpakupkop sa Allah laban sa mga bagay na siyang ipagkakaroon ng Kanyang galit at sa sakit ng Kanyang kaparusahan.

Isinalin sa Tagalog ni: Mohammad Taha Ali
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
الطبعة الثالثة – مزيدة ومنقحة ١٤٣٧/١٢/١٩هـ